# Balitang Manmin

BILANG 120 NOBYEMBRE 16, 2014

# Minamahal ng Diyos ang Israel!




"Kaming mga Judio na may paniniwalang si Jesus ang Mesyas ay nagising at muling sumigla, at aktibo kami sa pagmiministeryo. Nagpapasalamat kami kay Dr. Jaerock Lee, naging posible ito dahil sa suporta at pagmamahal niya. Naniniwala kami na isinugo ng Diyos si Dr. Lee para sa mga pinili Niya, ang mga mamamayan ng Israel." – Pastor Shlomy Abramov, nagmiministeryo sa Crown of Jewels Church sa Rishon Letzion.

## Crystal Forum, bunga ng matatag na ministeryo sa Israel

Noong 1982, magmula noong magbukas ang iglesya, ipinapanalangin na ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang ministeryo sa Israel. At noong Hulyo 2007, bumisita siya dito. Hindi tanggap ang ebanghelyo sa lugar na ito.

Noong Setyembre 2009, nagsagawa dito si Dr. Lee ng krusada ng pagkakaisa, pinamahalaan ito ng Crystal Forum. Idinaos ito sa International Convention Center sa Jerusalem. Matapang niyang ipinangaral na si Jesus ang tanging Tagapagligtas.

Idinalangin niya ang mga maysakit, at marami ang gumaling at nagpatotoo tungkol sa paggaling nila. Ito ay ipinalabas sa may 220 mga bansa sa pamamagitan ng 33 istayon ng tv kabilang na ang TBN Russia, Enlace, CNL, at Digital Congo.

Karamihan sa Israel ay nagsusulong ng Judaismo, isang relihiyon na naniniwalang may iisang Diyos at naglilingkod sa PANGINOONG Diyos. Sa lugar na ito, itinatakwil at kinapopootan ang mga Judio na naniniwalang si Jesus ang Mesyas, kakaunti lang sila. Gayon pa man, pagkatapos magdaos ng krusada, nabuhayan sila ng loob, nagsasagawa na sila ngayon ng iba't ibang klaseng ministeryo sa tulong ng Crystal Forum. Ang Crystal Forum ay samahan ng mga pastor na nagsimula noong nagministeryo si Dr. Lee sa Israel.

## Nakapagdaos na ng iba't ibang klaseng ministeryo ang Crystal Forum

Sinabi ni Pastor Oleg Hazin, Tagapamahala ng Crystal Forum, "Nakumbinsi kami sa Pagdiriwang ng Mahimalang Pagpapagaling na idinaos noong taong 2009 na matapang din kaming makakapagbahagi ng ebanghelyo ng kabanalan sa Israel. Magmula noon, nagsasagawa kami ng iba't ibang gawain tulad ng mga pulong na may mahimalang pagpapagaling, pista ng musika, mga camp para sa mga bata, mga seminar para sa mga pastor, para sa mga mag-asawa, at mga pulong-panalangin."

Masayang ibinalita ni Pastor Daniel Matiash, naglilingkod sa King of Glory Church sa Haifa, ang tungkol sa pagpapanumbalik ng mga iglesya sa Israel, "Sa nakaraang mga taon, ang mga iglesya na nasa ilalim ng Crystal Forum ay lumago sa espiritu at sa bilang ng mga miyembro. Maraming nagpaparehistro para maging miyembro ng katawan ng Diyos bawat taon. Nakikibahagi kami sa pandaigdigang pagmimisyon sa pagdaraos ng mga pulong na may pagpapagaling, o mga seminar sa Estados Unidos, Germany, Estonia, Latvia, Lithuania, Ukraine, Russia, Kazakhstan, at maraming bansa sa Asya, na idinalangin ni Dr. Lee."

## Bumuti ang katayuan ng mga Cristiano at nagkaisa ang mga pastor

Bawat taon nagdaraos ng kumperensya ang Crystal Forum sa pamamahala ni Rev. Soojin Lee, presidente ng samahan ng mga pastor ng Manmin Central Church at Christian Music Festival. Sa nasabing okasyon, matapang na nagpupuri ang mga tao sa pampublikong lugar, at ang mga tagapagtanghal ng komite ng sining ng Manmin ay nagpapalabas ng mataas na uri ng kulturang pang-Cristiano. Ang pagdiriwang para sa taong 2014 ay ginawa sa ICC, Haifa noong Mayo, dinaluhan ito ng may 1,000 tao mula sa Israel, Russia, Ukraine, Pilipinas, Finland, at Hong Kong. Naibrodkast ito ng TBN Russia sa may 180 mga bansa.

Sinabi ni Pastor Dmitry Petrovski, "Hindi pangkaraniwan na nagtipon at nagpuri sa Diyos sa ganung klaseng lugar ang mga Judiong naniniwalang si Jesus ang Mesyas. Kahanga-hangang magdaos ng napakalaking okasyon dito. Iniangat sa mas mataas na antas ang kalagayan ng mga Cristiano sa Israel at nakatulong ito sa ating mga pastor para magkaisa."

## Bumibisita bawat taon sa Manmin Central Church ang mga pastor mula sa Israel para sa paglago ng kanilang espiritu

Lumago ang pananampalataya ng mga pastor at mga mananampalataya dahil sa mga mensaheng inihahatid sa telebisyon, tulad ng GCN (www.gcntv.org), TBN Russia, CNL, HolyGod TV, at Rodnoy TV; sa internet; at sa mga libro ni Dr. Lee. Sumasama sa mga okasyon ng iglesya ang iba sa kanila tulad ng retreat sa tag-init at kumperensya para sa mga lider para makasabay sa daloy ng espiritu ng iglesya.

Dumalo si Pastor Oren Lev Ari, nagpapastor sa King of Glory Church sa Jerusalem, sa kumperensya para sa mga lider para sa taong 2014. Pinamagatan itong 'Whole Spirit' (Buong Espiritu), batay sa Mga Hebreo 10:22. Sinabi niya, "Nagsisikap akong isabuhay ang kalooban ng Diyos, isinasaisip ko ang mensaheng narinig ko sa seminar sa Korea. Napapaiyak ako sa pagpapasalamat kapag naaalala ko ang pananalangin ni Dr. Lee para sa akin. Hiniling niyang mabilis kong maiwaksi ang mga kasalanan para maging makapangyarihang pastor ako."

Ang pag-ibig ng Diyos sa Israel ay kumakatawan sa pag-ibig Niya para sa lahat ng tao sa lahat ng bansa. Luwalhatiin natin ang Diyos na gagawing mas masagana ang bunga ng ministeryo ng Manmin sa Israel.

# “Huwag Kang Gagawa para sa Iyong Sarili ng Diyus-diyosan”

“Huwag kang gagawa para sa iyong sarili ng inukit na larawan o ng anumang kawangis ng anumang nasa langit sa itaas, o ng nasa lupa sa ibaba, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa. Huwag mo silang yuyukuran, o paglingkuran man sila; sapagkat Akong PANGINOON mong Diyos ay Diyos na mapanibughuin, na Aking pinarurusahan ang mga anak dahil sa kasamaan ng mga magulang hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi ng mga napopoot sa Akin; ngunit pinagpapakitaan ko ng wagas na pag-ibig ang libu-libong umiibig sa Akin at tumutupad ng Aking mga utos” (Exodo 20:4-6).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Sa Sampung Utos, parang magkapareho ang una at pangalawa sa tingin ng ibang tao. Pero magkaiba sila. Ang una ay nagbababala sa mga tao laban sa pagkakaroon ng maraming diyos. Sinasabi nito, “Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap Ko.” Ibig sabihin, ang Diyos ang nag-iisang Diyos, Siya lang ang dapat nating paglingkuran at mahalin. Ang pangalawa naman, “Huwag kang gagawa para sa iyong sarili ng diyus-diyosan”, ay nagbababala tungkol sa pagsamba sa mga diyus-diyosan. Tingnan natin kung anong sinasabi tungkol sa mga diyus-diyosan at kung ano ang espirituwal na kahulugan ng pangalawang utos.

### 1. Ano ang diyus-diyosan?

Ang diyus-diyosan ay ‘imahe ng isang bagay na sinasamba’. Gumagawa ang mga tao ng mga imahe ng tao, hayop sa lupa, mga insekto, ibon, isda, araw, buwan, at mga bituin, o mga bagay na kathang-isip lang. Gumagamit sila ng kahoy, bato, bakal, ginto, o pilak. Ang paggawa ng pisikal na imahe, at paglilingkod sa mga ito ay pagsamba sa mga diyus-diyosan.

Ginagawa ng tao ang mga diyus-diyosan, ang mga ito ay walang buhay at kakayahang magbasbas sa atin. Nilikha ang tao sa wangis ng Diyos na Manlilikha. Nakakatawa kung sila mismo ang gagawa ng diyus-diyosan, sasamba sa mga ito, pagkatapos hihilingin nilang basbasan sila ng mga ginawa nila! (Isaias 46:6-7) Bukod dito, kabilang sa pagsamba sa mga diyus-diyosan ang pag-asa sa mga anting-anting, pagsamba sa mga taong namatay na, o sa kahit na anong pangkukulam at mahika.

Gumagawa ang mga tao ng walang kabuluhang mga imahe at sinasamba ito dahil nakakadama sila ng kasiyahan kung nahahawakan at nakikita nila ito.

Huwag din tayong gumawa ng kahit na anong imahe ng Diyos, dahil Siya ay espiritu. Huwag nating sambahin ang imaheng ito na parang ito na mismo ang Diyos. May mga mananampalataya sa Diyos na gumagawa ng mga diyus-diyosan at pinaglilingkuran ang mga ito. Halimbawa, sinasamba nila ang isang iginuhit na imahe ni Jesus, o sinasamba nila ang imahe ni Birheng Maria o iba pang mga ama ng pananampalataya. Ang mga imahe ni Jesus ay iginuhit ayon sa kathang-isip ng pintor o eskultor, kaya hindi ito totoo. Si Birheng Maria o ang mga ama ng pananampalataya ay mga nilikha, sila ay hindi dapat sambahin. Kung gagawin natin ito, tayo ay sasamba sa mga diyus-diyosan. Tanging ang Diyos lang ang dapat nating sambahin at dalanginan.

May mga taong nagsasabi na kahit mismo ang krus na nasa isang simbahan ay nagiging diyus-diyosan. Pero simbolo ito ng ebanghelyong pinapaniwalaan natin. Mayroon tayong krus at kapag tinitingnan natin ito, maaalala natin ang mahalagang dugo ni Jesus at ang pagpapalang kaligtasan. Ang krus mismo ay hindi isang bagay na simasamba, hindi ito diyus-diyosan.

At may mga ipinintang litrato na nagpapakita kay Jesus na may hawak na tupa, o iginuhit na litrato ng Huling Hapunan, hindi diyus-diyosan ang mga ito. Sila ay mga gawa na nagpapakita kay Jesus bilang Mabuting Pastol o nagpapahayag ng ministeryo Niya. Hindi natin sinasamba o dinadasalan ang Jesus na nasa litrato.

May mga taong nagsasabing kahit si Moises ay gumawa din ng diyus-diyosan. Itinutukoy nila ang insidenteng tinuklaw ng mga makamandag na ahas ang mga Israelita pagkatapos nilang magreklamo laban sa Diyos (Mga Bilang 21) at sila ay mamamatay na. Pinagawa ng Diyos si Moises ng tansong makamandag na ahas at ipinapatong Niya ito sa isang tikin. Kung sinuman ang susunod sa Diyos at titingin doon ay maliligtas. Ito ay sumisimbulo kay Jesu-Cristo na magliligtas ng tao sa pamamagitan ng krus. Sa madaling salita, tulad ng mga Israelitang naligtas sa kamatayan sa pagtingin nila sa tansong ahas, ang mga taong mamamatay ay maliligtas at mabubuhay kung magtitiwala sila kay Jesu-Cristo na ipinako sa krus.

### 2. Sa espirituwal na diwa, ano ang itinutukoy na diyus-diyosan?

Sa espirituwal na diwa, kabilang sa mga diyus-diyosan ang lahat ng bagay na minamahal natin nang higit pa kaysa sa Diyos. Kung mahal natin ang mga magulang, asawa, mga anak, o sarili natin nang higit kaysa sa Diyos, mga diyus-diyosan natin ang mga ito. Siyempre, hindi ito nangangahulugang, huwag na tayong magmahal ng kahit sino kundi Diyos lang.

Maliwanag na dapat nating mahalin ang mga magulang natin sa katotohanan, at sinabi sa atin ng Diyos na igalang natin ang mga ito. Pero kung lalabagin natin ang Araw ng Panginoon para ipakita natin ang paggalang at pagpapasaya sa mga magulang natin na hindi mananampalataya, nangangahulugan itong mas mahal natin ang mga ito nang higit pa sa Diyos. Hindi ito magkapagbibigay ng lugod sa Diyos, hindi rin ito tunay na pagmamahal para sa ating mga magulang. Kung dadalhin natin sila sa iglesya para maligtas, masasabi nating totoo natin silang iginagalang at minamahal.

Para sa mga magulang din ito. Kung totoong mahal natin ang ating mga anak, dapat nating mahalin muna ang Diyos una sa lahat at mahalin natin ang mga anak ayon sa sinasabi sa atin ng Diyos. Kahit magsikap tayo, hindi natin sila mapoprotektahan mula sa kaaway na diyablo at Satanas ni mapagaling sila mula sa mga sakit na hindi gumagaling. Poprotektahan, bibigyan ng magandang kalusugan at pagpapalain ng Diyos sa lahat ng aspeto ang mga anak kapag ang mga magulang ay gumagalang at sumasamba sa Diyos, at nagmamahal sa mga anak dahil sa Panginoon.

Kung mamahalin natin ang Diyos, una sa lahat, at ang ibang tao ayon sa sinasabi ng Diyos, maaaring maging tunay ang pagmamahal natin sa kanila. Kaya hindi natin pwedeng sabihin na itinuro sa atin sa iglesya na Diyos lang ang mahalin, hindi bale na ang mga miyembro ng pamilya. Alamin natin ang espirituwal na kahulugan nito.

Sa kasalukuyan, may mga mananampalataya na mas higit ang pagmamahal sa pera kaysa sa Diyos. May mga lumalabag sa utos ng Diyos para mapanatili ang kasikatan at kapangyarihan nila. Sa espirituwal na diwa, diyus-diyosan din ito. May mga lumalayo sa Diyos dahil sa mga sikat na artista, mga manlalaro, o iba pang bagay, nagiging diyus-diyosan din ang mga ito.

### 3. Biyaya para sa pagsunod, sumpa para sa pagsuway

Mababasa sa Exodo 20:5-6, “Huwag mo silang yuyukuran, o paglingkuran man sila; sapagkat Akong PANGINOON mong Diyos ay Diyos na mapanibughuin, na Aking pinarurusahan ang mga anak dahil sa kasamaan ng mga magulang hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi ng mga napopoot sa Akin; ngunit pinagpapakitaan Ko ng wagas na pag-ibig ang libu-libong umiibig sa Akin at tumutupad ng Aking mga utos.”

Sinasabi ng Diyos dito na Siya ay ‘Diyos na mapanibughuin’. Ang paninibugho ng Diyos ay iba sa inggit o selos ng tao dahil ang sa Diyos ay nagmumula sa Kanyang pag-ibig habang ang sa tao ay pangit, marumi, at mapaminsala sa iba. Kung sumasamba sa mga diyus-diyosan ang mga tao, tatalikuran sila ng Diyos, papabayaan Niyang kumilos ang kaaway na Diyablo at Satanas sa buhay nila. Magdurusa sila mula sa iba’t ibang pagsubok, at kapahamakan. Maghihirap ang mga puso nila. Hindi magtatagal, makikita nila ang pagkakamali nila, pagsisisihan nila ito, at babalik sila sa Diyos.

Ang paninibugho ng Diyos ay pagpapahayag Niya ng Kanyang tunay na pag-ibig para pigilan ang mga anak Niya na mapunta sa daan ng pagkawasak at para gabayan sila sa buhay na walang hanggan. Pero kung may mga nagmamahal at sumasamba pa rin sa mga diyus-diyosan ng higit pa sa Diyos, ibig sabihin, parang napopoot sila sa Kanya. Mapaparusahan sila kung ganito, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi. Marami sa kanila ang magkakaroon ng mga sakit na hindi pwedeng gamutin, habang ang iba naman ay may mga kapansanan sa katawan at pag-iisip. Gayon pa man, kung magsisisi ang kahit isang inapo at hahanapin niya ang Diyos, kahit sumamba sa mga diyus-diyosan at lumaban sa Diyos ang mga ninuno niya, tatanggapin niya at ng pamilya niya ang awa ng Diyos, hihinto ang mga kapahamakan sa buhay nila.

Pero kapag ang mga ninuno ay masyadong masama dahil lumaban sila sa Diyos at matindi ang pagsamba nila sa mga diyus-diyosan, mahihirapan ang mga anak na maniwala sa Diyos. At kahit tinanggap na nila ang Panginoon, mayroon silang espirituwal na bigkis na nakakunekta sa mga ninuno nila. Mahihirapan silang magsulong ng buhay bilang Cristiano. Hindi hihinto sa pagdadala ng akusasyon laban sa kanila ang kaaway na diyablo at Satanas. Pipigilan sila nito sa pagkakaroon ng pananampalataya dahil sinisikap nitong dalhin silang muli sa kamatayan. Pero sa ganitong situwasyon, kung sila ang magsisisi para sa kasalanan ng mga ninuno at ama nila ng may mapagpakumbaba na kalooban, habang iwinawaksi ang kanilang kasamaan at hihilingin ang awa ng Diyos, tiyak na mapoprotektahan sila ng pagpapala ng Diyos.

Sa kabilang banda, tatanggapin ng mga nagmamahal at sumusunod sa mga utos ng Diyos ang pagpapala Niya hanggang sa libu-libong henerasyon. Ang mga kapahamakan ay hanggang ikatlo at ikaapat na salinlahi lang, pero ang mga pagpapala ay hanggang libu-libong henerasyon. Dahil dito, madarama nating muli ang pag-ibig ng Diyos.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, kung may takot at may paggalang kayo sa Diyos, pagpapalain Niya kayo at ang mga inapo ninyo. Hindi nangangahulugang lahat ng mga inapo ay pagpapalain dahil sumamba ng mahusay ang mga ninuno nila sa Diyos. Tatanggapin nila ang mga naipon na pagpapala kung sila mismo ang magmamahal sa Diyos, mananatili sa katotohanan, at walang bahid ng pagsamba sa diyus-diyosan. Umaasa ako na hindi kayo gagawa ng kahit na anong diyus-diyosan o sasamba sa kahit alin sa kanila. Ibigin ninyo ang Diyos, una sa lahat. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na tanggapin nawa ninyo ang mga ipinangakong pagpapala sa loob ng libu-libong henerasyon.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles' Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

“Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25)

“Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin


## "Gumaling ako mula sa Harada Syndrome!"




Biglang lumabo ang paningin ni Diakonesa Youngmi Yu sa kaliwang mata at mabilis itong lumala. Sa paningin niya, ang tuwid na linya ay nagiging maalon at lahat ng bagay sa paligid niya ay patulis at madilaw. Minsan mas malala pa ito, nasusuka pa siya at nahihilo. Nang hindi na siya makatiis, nagpunta na siya sa ospital, nasuring mayroon siyang Harada Syndrome.


Sinabi ng doktor na mayroon siyang bukol sa mga mata niya at hindi na babalik sa normal ang paningin niya kahit gamutin. At sinabi pa nito na kung lalaki ang mga bukol, matatakpan nito ang mga ugat sa mata, mabubulag siya. Pero dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee, gumaling siya! Naging malinaw ang paningin niya, nakita na niya ng maayos at malinaw ang mga letra at mga kulay.

● Bago ipanalangin




● Pagkatapos ipanalangin



▲ Pagkatapos ipanalangin, nawala ang bukol sa magkabilang mata, bumuti ang paningin niya mula 0.8/0.25 – 1.0/1.0, gumaling ang retina niya.

## "Nagkaroon kami ng anak na lalaki pagkatapos ng sampung taong paghihintay!"



Hindi pwedeng magkaanak ang asawa ni Pastor Asif Nazir dahil may nakabara sa 'fallopian tubes' (daanan ng itlog mula sa obaryo papunta sa uterus) niya. Sinubukan nilang magpunta sa South Korea para tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee para magbuntis pero hindi sila nakakuha ng visa. Ipinadala na lang nila ang litrato nila kay Dr. Lee at idinalangin sila ng panalanging lumampas sa lugar at panahon. Pagkatapos ng sampung taong paghihintay na magkaroon ng anak, nagbuntis siya at nanganak ng sanggol na lalaki!

## "Gumaling ang sakit ko sa balat!"




Nagdusa sa eksema si Kapatid Subin Kim magmula noong 4 taong gulang siya. Noong nasa mataas na paaralan na siya, nagsuot siya ng maskara para hindi makita ng ibang tao ang namamaga at nagnanaknak na mukha niya. Mas lumala pa ito noong nasa kolehiyo na siya. Nagbalik-tanaw siya sa buhay niya bilang isang Cristiano. Nilayuan niya ang mga makamundong bagay, nagsisi ng lubusan, at tinanggap ang panalangin ni Dr. Lee. Pagkatapos, ganap na siyang gumaling.



## "Nawalan ako ng malay dahil sa epilepsy, pero nang idalangin ako, nagkamalay ako!"

May cardiac arrhythmia si Joel Rammos, hindi regular ang pagtibok ng puso niya. Mula noong bata pa siya, may epilepsy na din siya. Habang siya ay nasa Pagdiriwang ng Muling Pagsigla at Paggaling noong taong 2001 na idinaos sa Pilipinas, nawalan siya ng malay at nanigas ang buong katawan niya, parang patay. Pero nang ipanalangin siya ni Dr. Lee, nagkamalay, nakatayo, at nakapaglakad siya.








## "Gumaling ang 'multiple sclerosis ko!'"



Hindi makapaglakad ng maayos si Edwar Guerrerro, hindi rin niya mabalanse ang sarili dahil sa problema sa paningin at sa pandinig. Nasuring mayroon siyang sakit na hindi nagagamot – ito ay 'multiple sclerosis'. Dapat siyang uminom ng gamot habang buhay. Pero noong taong 2004, dumalo siya sa krusadang may pagpapagaling sa Peru, tinanggap niya ang panalangin ni Dr. Lee doon. Nabalanse niya ang sarili kaya nakapaglakad na siya ng maayos, bumalik din ang mabuting paningin at pandinig niya. Nakita sa MRI na nawala na ang impeksyon sa utak niya.



▲ MRI, isang taon bago ipanalangin (ang nakitang impeksyon)



▲ MRI, pagkatapos ipanalangin (Wala na ang impeksyon)

## "Pinigilan ng makapangyarihan niyang pananalangin ang malaking kapahamakan na dala ng pagbaha"



Noong Enero 12, 2011, nagpadala ng hiling sa panalangin si Dr. Mieke Kuiper, Tagapangulo ng komite na nagsasaayos ng kumperensya ng WCDN sa Australia, kay Dr. Lee sa South Korea. Simula pa lang ng Disyembre taong 2010, sunod-sunod na ang pagbaha sa Queensland. Nabahaan ang mga unang palapag ng mga gusali at mga kalapit na lugar dahil umapaw ang Brisbane River noong ika-8:00 ng umaga. Pero noong idalangin ito ni Dr. Lee, huminto na ang pag-ulan.

Kung nagpatuloy sa pagtaas at pag-apaw ang ilog, tulad ng iniulat, libu-libong mga bahay ang malulubog sa baha. Nagalak siyang makita ang kapangyarihan ng panalangin ni Dr. Lee, nagpasalamat siya dito.




Binahaan ang Queensland, Australia noong Enero 2011, malaki ang pinsalang dulot nito.

| Date | Day | Temps Min | Temps Max | Rain | Evap | Sun |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | °C | °C | mm | mm | hours |
| 1 | Sa | 21.7 | 28.4 | 0.4 | 6.6 | 0.0 |
| 2 | Su | 22.7 | 29.6 | 3.0 | 2.2 | 11.2 |
| 3 | Mo | 22.9 | 32.1 | 0 | 6.2 | 6.9 |
| 4 | Tu | 22.2 | 30.7 | 0 | 5.4 | 7.8 |
| 5 | We | 21.7 | 29.3 | 0 | 5.2 | 0.0 |
| 6 | Th | 20.5 | 24.8 | 41.8 | 4.6 | 0.0 |
| 7 | Fr | 19.3 | 26.8 | 35.6 | | 0.8 |
| 8 | Sa | 21.1 | 27.3 | 11.6 | 2.0 | 2.1 |
| 9 | Su | 22.0 | 27.8 | 12.2 | 2.4 | |
| 10 | Mo | 22.5 | 27.1 | 110.8 | 1.4 | |
| 11 | Tu | 23.8 | 28.6 | 15.4 | 2.0 | 0.0 |
| 12 | We | 21.9 | 29.6 | 40.0 | 2.4 | |
| 13 | Th | 22.1 | 28.4 | 0.4 | 7.8 | 6.9 |
| 14 | Fr | 19.4 | 28.9 | 0 | 8.2 | 11.8 |
| 15 | Sa | 20.2 | 28.8 | 0.4 | 7.2 | 9.2 |
| 16 | Su | 19.5 | 29.7 | 0 | 6.2 | |
| 17 | Mo | 19.5 | 33.5 | 0 | 7.0 | |
| 18 | Tu | 23.2 | 34.9 | 0 | 7.2 | 10.1 |
| 19 | We | 23.4 | 31.2 | 3.4 | 4.6 | 10.3 |

Kinabukasan, mula noong Enero 13, pagkatapos ipanalangin, huminto na ang pag-ulan. Mabilis ang pagbaba ng tubig.

# Nakilala mo na ba ang buhay na Diyos?

Noong panahon ng Unang Iglesya na naisulat sa Ang Mga Gawa 2, maraming tanda at himala ang ipinakita ng mga apostol, nagkaroon ng malaking muling pagsigla at pagbabagong buhay. At sa kasalukuyan, sa Manmin Central Church, nagpapakita ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ng mga tanda, himala, at makapangyarihang pagkilos na nagpapatunay ng mga mensaheng dinadala niya. Dahil sa mga ito, maraming tao ang nakakilala sa buhay na Diyos, natiyak ang kanilang kaligtasan, gumaling sa mga karamdaman, at nagkaroon ng kasagutan sa mga problema. Narito ang ilan sa mga patotoo.

## "Natapos ang matinding tagtuyot!"



Sa pagdalaw ni Dr. Jaerock Lee sa Israel para idaos ang Pagdiriwang ng Mahimalang Pagpapagaling noong Setyembre 6-7, 2009, hiniling sa kanya ni Pastor Daniel Rozen na idalangin ang problema ng bansa – matinding tagtuyot. Habang maalab na nananalangin si Dr. Lee, hiniling niya sa Diyos na bigyan ng sapat na pag-ulan ang Israel. Kinabukasan, Setyembre 8, nagsimulang umulan ng malakas doon. Ibinalita ito sa telebisyon at ikinagulat ng mga tao sa buong mundo.



## "Ito'y isang himala! Nagkaroon ng bagong balat"


Nabuhusan ang buong katawan ni Punong Diakonesa Eunduk Kim ng kumukulong tubig na tumapon mula sa isang malaking kaldero. Matindi ang pagkasunog ng balat niya, hindi siya nakapagpagamot kaagad. Pero pagkatapos niyang tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee, lumabas ang init sa loob ng katawan niya at nagsimulang tumubo ang panibagong balat. Ganap ang paggaling niya.







## "Gumaling ako mula sa AIDS!"



Ipinuslit at ipinagbili si Lalita sa Mumbai. Nahirapan siyang tumakas sa mga bumihag sa kanya, salamat sa mga pulis na nakakita at tumulong sa kanya. Pero maysakit na siyang AIDS. Napakalungkot niya, naisipan pa niyang magpakamatay na lang.

Samantala, nabalitaan niya ang tungkol sa idadaos na pagdiriwang ng mahimalang pagpapagaling at pananalangin sa India noong taong 2002, dumalo siya. Habang tinatanggap ang panalangin ni Dr. Lee pagkatapos ng mensahe nito, may nakita siyang maningning na liwanag at may kakaibang pakiramdam siyang nadama sa buong katawan niya. Nagpasuri siya pagkatapos ng krusada, sinabi ng doktor na wala na siyang sakit. Hindi maitatangging pinagaling siya ng Diyos.



Si Dr. Simon, Direktor ng Clinical Pathology Division ng Galiani Hospital




"Ang kahulugan ng pulang linya sa kaliwa ay positibo, pero normal na ito ngayon. Hindi maikakailang pinagaling siya ng Diyos!"

## "Naglaho ang mga tumor"




Nasuring may malalang 'non-Hodgekin's lymphoma' (isang klase ng kanser) si Diakono Geumhyun Kim sa Chonnam National University Hwasun Hospital. Mahigpit na ipinag-utos ng doktor na dapat siyang sumailalim sa paggagamot laban sa kanser ng hindi bababa sa walong beses. Habang sumasailalaim sa pagpapagamot, natanto niya sa harapan ng Diyos na binalewala niya ang mga nakita at narinig niyang mga makapangyarihang pagkilos sa iglesya. Nagpasya siya na ipagkatiwala ang sarili sa Diyos at tinanggap niya ang panalangin ni Dr. Lee. Pagkalipas ng dalawang araw, nagpasuri siya sa ospital. Walang nakitang mga tumor!



▲ Pagkatapos ipanalangin -Bumuti ang pandinig -Walang matining na tunog sa tainga
▲ Bago ipanalangin -May kanser sa maraming bahagi
▲ Pagkatapos ng panalangin -Nawala ang kanser

## "Nakakarinig na ako ngayon"

Walang pandinig ang kaliwang tainga ni David Gonzales. Nahihirapan siya sa programa niya sa radyo at sa pakikipag-usap sa ibang tao. Dumalo siya sa krusada ng pagkakaisa na idinaos sa New York noong taong 2006, tinanggap niya ang panalangin ni Dr. Lee. Noong oras ding iyon, nanlamig siya mula ulo hanggang mga paa, maayos na ang pandinig ng kaliwang tainga niya.



## "Naging normal ang napakaraming abnormal na chromosomes ng sanggol sa sinapupunan ko!"

Sumailalim sa pagsusuri si Punong Diakonesa Jungae Yim noong ikaapat na buwan ng pagbubuntis. Nasuring malaki ang posibilidad na may diperensya ang chromosomes ng sanggol sa parehong Edwards syndrome at Down syndrome. Gayon pa man, malusog na lalaki ang ipinanganak niya pagkatapos niyang tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee. Tinawag niyang Jiho ang sanggol niya. Pinalitan ng Diyos na Makapangyarihan ng normal na chromosomes ang trilyong abnormal na chromosomes sa isang saglit.



## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714